**Presidential Communications Operations Office**
**Presidential News Desk**

# TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE (FULL VIDEO)

[Aired on 16 November 2021]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Magandang araw, gabi, tanghali kung hindi ko kasi malaman kung kailan --- recorded 'to --- kung kailan i-play sa mga buong mga istasyon sa gobyerno. So I greet you at the time kung nasaan kayo abutin nitong programa na ito.

But let me just read to you 'yung mga tao na nandito ngayon, mga trabahante ng gobyerno kasama ko. Just the same, we are talking about COVID and the bakuna. Ang corollary mga ano --- mga ano 'to is 'yung maskara pati 'yung not the --- 'yung face shield then the mask. Ang ating gustong tanggalin, lalo na sa karamihan, is that we find the wearing of the mask cumbersome. So maybe it limits the range of sight of people working, where the eyes is --- plays an important ingredient in their work so maraming nagrereklamo.

Ang decision ko is okay tanggalin na ninyo 'yung mask --- ah 'yung shield. Puwede na ninyong… You dispense with the shield but not the mask. Iyong mask will forever remain and it will be a part of our day-to-day part of what? The safety measure kasi matagal pa itong virus na nasa hangin lang.

So ang nandito ngayon unahin ko na 'yung mga tao, si 'yung mag-report: Secretary Rolando Joselito Bautista, DSWD; nandito rin si Secretary Francisco Duque III; then we have Secretary Carlito Galvez; and Secretary Eduardo Año.

Iyong sa via video teleconference, si Dr. Rolando Enrique, FDA updates; si Secretary Karlo Nograles --- by the way, Karlo, si Roque --- Secretary Roque nag-file ng certificate niya kanina ata. He will be running for senator. Alam mo once you file your certificate of candidacy, automatic 'yan out ka sa gobyerno. No other formal ritual is needed except that when you file, tapos ka. At that moment, you cease to be a government employee. So kung maaari ikaw na lang sana ang acting na muna until we find a replacement. I do not want to burden you with so much --- alam ko 'yung paperwork dadaan sa'yo eh.

Nandito rin attendees si --- of course si ES and si Senator Bong Go, chairperson ng… Kailangan ko si Bong actually hindi sa lahat --- because Bong is the Chairperson sa Senate Committee on Health and Demography. Health kanya eh so mabuti na lang siya nandito. But he does not control anybody, he does not control me, he is here to do his duty na may matanungan tayo kaagad. So iyon.

At ako may binigyan ako trabaho. I cannot --- I am not ano --- I am not articulate sa Tagalog, hindi rin maintindihan ng lahat kung mag-Bisaya ako so basahin ko na lang ang report.

I could glance, mag-glance-glance ako, I can talk extemporaneous dito pero ang problema nga hampered ako sa facility ng communication, especially Tagalog. Marunong ako pero kaunti lang, conversational.

So I start by saying good evening to all and parang nakita ko na maganda ang dadating na mga araw. Sana maawa ang Diyos patuloy-tuloy ito at mabuksan natin ang ekonomiya and all the businesses will be opened so that people can really work again and improve the economic picture of the country.

Last Tuesday, November 10, I inaugurated the new PSG Station Hospital. It houses modern medical facilities and equipment including multiplace hyperbaric oxygen treatment that can treat multiple patients at the same time.

Para maintindihan lang ninyo itong hyperbaric, to my understanding, this is a high pressure chamber. Parang ito 'yung mga kagaya nito 'yung mga divers na nagkakaroon ng ano ito 'yung mabilis 'yung akyat nila. Hindi 'yung… There's one word for it. Bends, yeah. Kasi alam mo mag-akyat… Alam ng mga fishermen 'yan na kung sa loob ka hindi ka mag-akyat na kung malalim na mauna talaga 'yung… Iyong ano mo is magsunod ka sa bubbles mo, hindi mo overtake-an kasi --- dahan-dahan kasi pag-ano biglain mo, pag-abot sa taas, para kang --- and you can die.

Itong hyperbaric also is iyon ang isang purpose no'n. Ang hyperbaric also ito 'yung mga may sugat na healing, mas madali ang healing ng mga sugat, lalo na sa sundalo, kung nasa hyperbaric chamber.

Kasi 'yung iba matagal makuha sa --- kung may barilan, may encounter, tapos madala sa ospital, kukunin --- hindi kaagad makuha lalo na kung ang barilan would last --- the fighting in the field would last for about mga one or two, tapos ang sugat ng mga sundalo hindi kaagad ma --- kasi i-extract pa sila. I-extract sila tapos dalhin sa ospital.

Hyperbaric operates sa high pressure, kasi kung mag-gangrene na, karamihan putulin na eh pagka may gangrene. Ito 'pag mayroon ka niyan, ipasok mo doon, makatulong na mabilis maka-recover and it can arrest the progress of the gangrene.

Am I right, Dr. Domingo, sir? Tama ba ako?

**FDA DIRECTOR GENERAL ROLANDO ENRIQUE DOMINGO:** Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Baka salita ako dito…

**DIRECTOR GENERAL DOMINGO:** Yes, sir, opo. Mayroon pong mga studies showing na 'yun pong wound healing, lalo na po 'yung mga bukas na sugat since they are exposed to higher levels of oxygen, mas mabilis pong gumagaling doon sa hyperbaric. So it's usually used po for mga traumatic injuries katulad nga po ng mga sa sundalo natin.

**PRESIDENT DUTERTE:** Oo, 'yan. Iyan ang ano. There's also a hyperbaric somewhere outside dito sa ano, but tingnan ninyo ang… Nako. Ayaw ko --- ayaw ko na may mainggit pero ang itong ospital --- Station Hospital ng Presidential Security Group, tingnan ninyo, may clip. *[Run the clip.]*

*[plays video clip]*

**PRESIDENT DUTERTE:** Alam mo sa totoo lang masakitin na rin ako na tao, sir, eh. Halos nakita ko na 'yung mga operating rooms sa mga ospital most of 'yang ano, hindi naman kung minsan pero 'yung mga ospital na… Alam mo hindi nakakalahati sa ospital dito. Ang ganda pa.

*[plays video clip]*

Dito na tayo sa ang pag-usapan, sabi ko, vaccination. I think we will spend more time here dwelling on the --- well, number of jabs and… On November 11, we achieved a record high of almost 1.24 million jabs administered in a single day, 1.24 na injection isang araw. This is a new milestone in our national vaccination campaign.

In just three days from November 10 to 12, we administered more than 3 million doses. As of today, we would have already hit more than 70 million jabs. This really shows that our vaccination effort is accelerating but we must push this even more and reach our goal faster.

The National Capital Region has already inoculated 100 percent of its target population with at least one dose as of November 9. Napakaganda ng larawan natin ngayon sa awa ng Diyos. As we continue to reopen more establishments and allow more mobility to help our economic recovery, we still need to be cautious.

I saw a recent report whereby a two-year-old --- a two-year-old child was tested positive for COVID-19 after visiting a mall. Alam ko kayong mga magulang gustong-gusto ninyong ipasyal ang mga anak ninyo after staying for so long inside your home due to lockdowns. Pero isipin ninyo kung maliliit pa ang mga anak ninyo at hindi pa bakunado, do not expose them to the virus or virus.

Wala pa silang dispe --- depensa. They have no defense mechanism in their system or body sa COVID-19, hindi katulad ng mga bakunado na. On this note, I am calling all local government units to consider passing ordinances for age restriction among minors who can be allowed to go to the malls.

Certainly, we cannot allow those below 12 years old or those getting or still unvaccinated to be exposed to the risk of getting COVID-19 in public places. Again, sabi dito, IATF ‘to, Task Force, we cannot allow those below --- below 12 years old. So tandaan ho ninyo ‘yan.

Again, to the parents and guardians of minors who are unvaccinated, please mindful of the risk. Part of caring for them is thinking about their safety. I hope no one among our children will get COVID-19.

Sa ano naman, ekonomiya natin, Bloomberg reported recently that the Philippines’ gross domestic product or GDP grew by more than seven percent in the third quarter of 2021. Napakaganda naman ng biyaya ng Diyos ito. The growth was due to strong household consumption during this pandemic and our economic --- and our economy can soon return to its

pre-pandemic performance. This is truly a good and welcome news because it affirms that our strategies are correct in balancing health and economy.

Reminders, even of we are able to control the virus and grow our economy, much remain to be done. The virus is still here and continues to be a threat to our people and nation. Kaya ipagpatuloy po natin ang mask, hugas, iwas, bakuna pa rin ta --- pa rin ang importante sa proteksiyon.

I hope that everybody would take this advice para malayo sa disgrasya. Ah ‘yung ulitin ko para wala ng ano, ‘yung face shield ano na ‘yan puwede na ninyong hindi gamitin except dito sa mga lugar na Alert 5. Alert 5 na ano, iyong mga delikado, ospital, mga laboratory, it’s still --- it’s still a must --- must be used, wear the shields ‘yung Alert 5.

Alam ninyo mga ospital, lahat, mga establishments, you know what is Alert 5 so hindi ko na tagalan. Ang hindi ko nabasa na ganoon rin, ang --- the long and short of what I’m really talking about is --- kasi binabasa ko eh. Ganoon na lang, pababa na ang --- ang COVID at saka ‘yung mga positivity rate mababa na rin, ang lahat, lahat bumababa na.

It’s up for us really to just take care na hindi tataas uli so that you will have to obey what government would tell you to do because it is for the good of the country and for you. Sumunod lang po kayo. Mababa na ngayon. Kita mo we are allowing everybody to go out except children who cannot be mixed in a crowded places because wala pa silang depensa sa katawan.

Wala pang --- hindi pa naman sila puwedeng mabakunahan. Eh tapos dalhin ninyo doon sa may mag-atsing, mag-ubo, lahat ‘yan. The --- the virus is still in the air.

So I hope that would really heed the warning of --- hindi ito akin, warning ito ng mga experts, mga doktor.  Kami wala kaming pakialam --- wala akong alam diyan. Ang alam ko ‘yung sinasabi sa akin ni Secretary Duque, ni Dr. Domingo. Ayan, susunod-sunod lang ako diyan kasi wala talaga akong alam.

Pero pagka --- well, what I know is that if we follow there is really a resulting good that would happen. Nakita mo ‘yung sa mga vaccination natin na sumunod kayo, so mahina ang transmission kasi wala na, puro may depensa na ‘yung katawan. So nagkaroon tayo ng improvement, and even the economy nag-improve despite of the pandemic. So ‘yan ang tandaan ho ninyo.

*[Excuse me.]* The first to make a report… Alam mo, ganito uli, this program is geared towards informa --- information. Information lang ito for the people to know saan ang pera ninyo. Huwag kayong maniwala diyan sa corruption-corruption. Iyang --- ‘yung mga tao sa labas na hindi nagbayad ng buwis, eh wala na tayong pakialam diyan.

Ang atin is we ask for a little of --- courtesy lang naman ang hiningi ko diyan eh. For Congress, eh alam ninyo may trabaho si Duque, alam niyo may trabaho si Galvez, 'pag tinawag ninyo, advise them and set a definite time for them to be grilled if at all by your committee. Bigyan mo naman ng respeto na sa umaga and stick to it because they go there. Tapos pagdating doon buong araw nakaupo lang doon. Eh alam mo may dumadating na bakuna diyan, tatakbo na naman si Secretary Duque doon sa airport --- Secretary Galvez has to be there just even to thank the donors or the countries who have really helped us by providing the bakuna in sufficient number.

Medyo okay na tayo sa supply. We're good pero hindi pa --- hindi pa sapat talaga na... Pero mayroon na tayo. And if I can have the cooperation of all Filipinos, medyo gaganda talaga ang takbo ng ating bayan. And hopefully by Christmas, there will be a --- at least we target the --- the minimal kung mayroon man sa spread ng virus dito sa ating bayan.

Iyon ho ang ating pag-usapan ngayon pera ng bayan. Rol --- Secretary Rolando Bautista will --- DSWD, iyan ang trabaho niya.

**DSWD SECRETARY ROLANDO BAUTISTA:** Pangulong Mayor Rodrigo Roa Duterte; Executive Secretary Bingbong Medialdea; Senator Bong Go; mga kapwa ko kasamahan sa Gabinete, magandang gabi po sa inyong lahat.

Salamat po sa pagkakataong maiulat ang mga naging tagumpay ng mga pangunahing programa ng DSWD mula noong 2016 hanggang ngayon. Ang lahat ng ito ay bunga ng ating pagsisikap na magampanan ang mandatong protektahan at iangat ang antas ng kabuhayan ng mamamayang Pilipino alinsunod sa sama-samang ambisyon nating makamit ang matatag, maginhawa, at panatag na buhay.

Simula ng ilatag ng Pangulo ang Zero to 10-Point Socio Economic Agenda, nakikita po natin na may dalawang area kung saan malaki ang ambag ng DSWD sa pagpapayabong ng social protection programs upang protektahan ang mga mahihirap laban sa mga instability at economic shocks at pagsuporta sa mga programang pangkapayapaan at kaayusan.

Kaya naman ang DSWD ay nagsulong at nagpaigting ng mga proyekto at programang susuporta sa mga inisyatibo ng ating Pangulo. Unang-una na rito ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program o mas kilala bilang 4Ps. Sa ilalim ng pamumuno ng ating Pangulo, naisabatas ang 4Ps na kinikilalang pangunahing poverty reduction strategy ng bansa. Bukod sa pagiging human capital investment ito at ang "Magna Carta of the Poor".

Tumaas ang pondo ng programa mula sa P62 bilyong pondo noong 2016 sa mahigit na P106 bilyong piso ngayon taon. Sa direktiba ng Pangulong Duterte, nabigyan nang dagdag na rice subsidy at grants ang mahigit na 4 na milyong household beneficiary ng 4Ps para maitawid ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangang pagkain, edukasyon, at kalusugan.

Sa SONA ng Pangulo noong taong 2016, ang bawat benepisyaryo ng 4Ps ay hinihikayat na maging independent at self-reliant para makatayo sa kanilang sariling mga paa. Dahil dito, mahigit na 32,000 benepisyaryo ng 4Ps ang nakapagtapos ng high school at kolehiyo nang may mataas na karangalan at pagkilala. Naging daan ang mga pagtatagumpay nilang ito para maiangat ang antas ng kanilang pamumuhay tungo sa pagtatapos ng kanilang pagiging benepisyaryo.

Sa kasalukuyan, mahigit na 838,000 households ang maituturing na self- sufficient at mahigit na 51,000 na mga benepisyaryo ang tinaguriang graduate na sa programa. Ito ay katibayan na ang mga benepisyaryo ng 4Ps ay nakatayo na sa kanilang sariling mga paa bitbit ang mga kaalaman mula sa Family Development Sessions.

Bahagi din ng inisyatibo ng Kagawaran ang pagbibigay at pagsuporta sa kabuhayan ng ating mga kababayan. Sa ilalim ng Sustainable Livelihood Program o SLP, mahigit na isang milyon household beneficiaries ang matagumpay na nakapagsimula ng negosyo na may kabuuang mahigit na 18 bilyong piso.

Bilang suporta sa pag-graduate sa programang 4Ps, ang SLP ay nakapagbigay ng tulong pangkabuhayan sa higit na isang milyong pamilya na katumbas ng mahigit na 12 bilyong piso.

Samantala, sa loob naman ng limang taon ay naabot at natulungan ng mahigit na 31,000 community subprojects ng KALAHI-CIDSS ang mahigit 9 na milyong households sa pamamagitan ng community-driven development approach katumbas ng mahigit na 34 na bilyong piso.

Nakapagmobilisa rin ng halos 2 milyon community volunteers na lumahok sa implementasyon ng mga community subprojects.

Sa ilalim ng pamunuan ng ating Pangulo, lumawak ang pagpapatupad ng Social Pension Program for Indigent Senior Citizens.

*[Next slide, please.]*

Mula sa mahigit na 930,000 benepisyaryong natulungan noong 2015, katumbas ng mahigit na 5 bilyong piso ngayong 2021, nasa mahigit 3 milyong benepisyaryo edad 60 pataas na ang taunang nakakatanggap ng kanilang social pension na nagkakahalaga ng P500 kada buwan na may kabuuang halaga na mahigit 18 bilyong piso.

Malaking pagbabago po ito kumpara noong taong 2015 na ang benepisyaryo na may edad 65 pataas ang nakikinabang, at noong taong 2011 hanggang 2014 ay edad 70 pataas ang nakikinabang.

Samantala, simula 2016 hanggang 2021, mahigit sa 9,000 centenarians ang ating nabigyan ng P100,000 cash gifts.

Karagdagang nutrisyon naman ang hatid ng Supplementary Feeding Program sa halos 2 milyong bata mula sa mahigit na 1,000 LGUs sa buong bansa katumbas ng halos 2 bilyong piso.

Kaugnay naman po ng milk feeding, may mahigit na 52,000 bata na ang nabigyan ng karagdagang suplementasyon. Ang mga positibong pagpapahusay na ito sa kanilang timbang ay nakaapekto hindi lamang sa kanilang katayuan sa nutrisyon kung hindi pati na rin sa kanilang pangkalahatang kalusugan na nag-aambag sa kanilang pisikal, cognitive, at socio emotional na pag-unlad na tumutulong sa kanila na makamit ang isang mas magandang pagkakataon sa kanilang paglaki at pag-unlad.

Sa ilalim naman ng Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS), mahigit 7 milyong indibidwal na ang nabigyan ng tulong pang-edukasyon, transportasyon, medical, at iba pa mula 2016 hanggang 2021, katumbas ng mahigit 30 bilyong piso.

Samantala, aabot na po sa mahigit 148 Malasakit Centers ang naitatag kung saan mahigit na 96,000 benepisyaryo ang mga natulungan ng DSWD sa halagang halos 270 milyong piso.

Sa loob ng 2016 hanggang 2021, mas pinaganda at naisaayos din ang 71 centers at residential care facilities sa buong Pilipinas na kumakalinga sa mahigit 80,000 mga bata, kababaihan, nakakatanda at may mga kapansanang nangangailangan ng pag-aaruga; 760 na Social Welfare and Development Agencies o SWDAs ang nagparehistro at nabigyan ng lisensiya ng DSWD. Sa pamamagitan nito, maaari silang mag-operate at magpatupad ng mga programa at serbisyo sa kapakanang panlipunan at pagpapaunlad. Samantala, mahigit na 1,000 SWDAs naman ang na-accredit. Tinitiyak ng proseso ng akreditasyon ang kalidad ng mga programa at serbisyong ibinibigay ng SWDAs.

Sa loob ng limang taon, nakapagbigay tayo ng relief assistance sa 7 milyong internally displaced families na may kabuuang halos 9 na bilyong piso. Ang mga interdiksyong ito ay nakatulong sa pagbuo ng disaster resilient community upang mabawasan ang mga epekto ng kalamidad at tulungan ang mga LGU at mga pamilya tungo sa maagang pagbangon, partikular sa mga nasalanta sa pagputok ng Bulkang Taal noong Enero taong 2020. Mahigit na 122,000 pamilya ang natulungan na katumbas ng mahigit na 24 na milyong piso.

Nakapagbigay rin po ng karagdagang mahigit na 4 na milyong family food packs sa ating mga LGUs sa panahon ng pandemya na nagkakahalaga ng mahigit na 2 bilyong piso. Sa kasalukuyan, mayroon po tayong 477 milyong piso na standby funds at halos 400,000 stockpile ng family food packs.

Nagpatupad din ang DSWD ng mga programang nakakapag-ambag sa pagsasakatuparan ng peace agenda ng pamahalaan. Naging tulay ang Executive No. 70 sa pagbibigay ng assistance at suporta sa mga former rebels (FRs). Binigyang-pansin ang reintegration ng FRs at pinagtuunan ng pansin ang community resiliency.

Umabot na sa mahigit na 10,000 FRs at ang kanilang mga pamilya ang natulungan mula 2019 hanggang 2021 na katumbas ng mahigit na 84 na milyong piso mula sa regular na pondo ng Kagawaran.

Samantala, 165 SLP associations na nasa conflict-affected and vulnerable areas ang nakatanggap din ng livelihood assistance mula sa Kagawaran na nagkakahalagang mahigit na 47 milyong piso. Mahigit 267,000 households din ang nakatanggap ng iba’t ibang tulong mula sa mga regular na programa ng DSWD tulad ng AICS at pagbibigay ng food at non-food items.

Sa programa ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP), mahigit 257,000 na IPs ang kinilala o nabigyan ng sertipikasyon ng humigi’t kumulang na [993,345] hektaryang ancestral domains simula 2016.

Alinsunod pa rin sa EO No. 70, inilunsad din ng NCIP ang 12 regional implementation plans bilang suporta sa 12 Lines of Effort Framework para sa pagkilala ng mga karapatan ng IPs. Dahil dito, 80 IPs ang ating nasagip at natulungan mula sa syndicated groups; 305 IPs naman ang ating na-rescue mula sa human trafficking incident noong Hunyo.

Para sa rehabilitasyon ng Marawi, binigay ang mga Transitory Family Support Packages (TFSP) para sa mahigit na 21,000 pamilya, katumbas ng mahigit 2 bilyong piso.

Ang Yakap Bayan Program naman na tinutukan ang rehabilitasyon at reintegrasyon ng mga persons who used drugs ay pormal nang kinilala bilang isang community-based aftercare and reintegration model sa pamamagitan ng Dangerous Drugs Board Resolution No. 18. Umabot na sa 151 lokal na pamahalaan ang nakiisa at sumusuporta sa layuning tulungang makabango --- makapagbagong buhay at makabangong muli ang mga naging biktima ng droga.

Upang mapagaan ang socioeconomic shock na dulot ng COVID-19 pandemic sa ilalim nang pagpapatupad ng magkasunod na batas na Bayanihan To Heal As One Act at Bayanihan To Recover As One Act, inilunsad ang pinakamalaking social protection program sa kasaysayan ng bansa sa pamamagitan ng Social Amelioration Program o mas kilala sa tawag na SAP.

Nasa mahigit 23 milyong mga nangangailangan ay binigyan ng emergency subsidy na may halagang 195 bilyong piso; 83,500 sa nabanggit na bilang ng mga benepisyaryo ay nabigyan din ng livelihood assistance grants.

Batay sa pagsasaliksik ng Philippine Institute for Development Studies (PIDS), tinataya na madadagdagan ng 4 na milyong Pilipino na mahirap dahil sa paghina ng ekonomiya noong 2020.

Subalit dahil sa maagap na pagpapatupad ng Social Amelioration Program, umabot lamang ito sa bilang na 1,500,000 Pilipino ang naging mahirap.

Sa ilalim ng KALAHI-CIDSS Program, karagdagang 1,070 isolation facilities na nagkakahalaga ng 714 na milyong piso ang naipatayo para sa mahigit 500,000 households sa mga mahihirap na komunidad.

Nagkaroon rin ng information, education and communication activities kung saan nagkaroon nang pagbibigay ng communication devices katumbas ng 191 milyong piso at pagsasagawa ng cash-for-work activities na nagkakahalaga ng mahigit 225 milyong piso. Lahat ng ito ay resulta ng pag-shift sa disaster response operation modality sa panahon ng pandemya.

Dito po nagtatapos ang aking presentasyon. Magandang gabi pong muli sa ating lahat.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat, Secretary Bautista. Next, we would like to hear from Secretary Duque.

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Magandang gabi po, Mr. President, Senator Bong Go, ES Medialdea at mga kasama ko po sa Gabinete. Muli ay ako po'y magbabahagi ng maikling ulat ukol po sa ating COVID-19 response.

*[First slide.]*

Para naman po sa ating usual updates ngayon pong November 15 ay mayroon po tayong nadagdag na 1,547 na bagong kaso at patuloy na bumababa ang atin pong mga kaso.

Pangkalahatan nasa 2.818 million na po tayo at ang active cases po natin ay bumaba na rin po sa 27,025 cases at katumbas po nito ay .96 percent of all cases. At sa recoveries po naman natin ay mayroon na po tayong 2.745 milyon, ang katumbas po nito ay 97.42 percent ng lahat ng mga kaso ay gumaling na po.

Samantalang ang atin pong mga pumanaw ay umabot na po pangkalahatan 45,709 for a case fatality rate po na nasa 1.62 percent. At nakakalungkot po at mayroon na naman po tayong naidagdag na 128 na mga bilang ng pumanaw. At ang atin pong mga pangunahing rehiyon na nakapag-ambag nang mataas na bilang sa atin pong bagong mga kaso, nangunguna ang NCR, nasa 317; ang Region II, nasa 156; ang Region IV-A naman, nasa 155.

Samantala ang mga pangunahing lugar na nakapag-ambag ng mga kaso sa pangkalahatang bilang: ang Quezon City, nasa 91; ang Negros Oriental, nasa 61; at ang Negros Occidental, nasa 59.

So ang atin pong susunod na slide... *[Next slide, please.]*

Para naman po... *[Medyo maliit po yata masyado ito. Parang hindi makita.]* Anyway, nakikita naman 'yung Philippines doon, nasa dark green-shaded area, bandang baba. At ito na po 'yung ating pinakahuling WHO rankings. Ang Pilipinas ay sa kasalukuyang nasa 59th sa buong mundo at ika-lima sa ASEAN para sa bilang ng mga active cases.

Ayan makikita po natin ang active cases po ay nasa 28,102. Mababa tayo sa Lao People's Democratic Republic, nasa 47,000; Malaysia, nasa 65,000, pataas na naman po ang Malaysia; ang Thailand, nasa 94,165; Viet Nam, nasa 140,129. So ‘di hamak na mas malaki po ang baba ng atin pong active cases.

At ang patungkol naman po sa cases per 1 million population, ang Pilipinas po ay nasa 135. Mas mababa, mas maganda ang ibig sabihin po nito ang tugon sa atin pong pandemyang COVID-19.

At ang Pilipinas po sa kasalukuyan nasa 25,247 per 1 million population. Mababa po tayo sa Thailand, na nasa 28,000+; Brunei Darussalam, nasa 32,000; Singapore, nasa 40,113; Malaysia, nasa 77,317. ‘Di hamak na mas mataas ang kanila pong mga kaso per million population.

Uulitin ko, ito pong ipinapakita nito ay ibig sabihin lang mas malaking ganda ng atin pong tugon or response laban po sa COVID-19 pandemic. At para naman po sa ikatlong panukatan, ito po 'yung COVID deaths per million population. Nasa 121st po tayo sa buong mundo. Mas mababa, mas maganda.

Mas mababa po tayo sa Indonesia at Malaysia. Tayo po ay nasa 409 deaths per million samantalang ang Indonesia nasa 518; at ang Malaysia ay lagpas doble ang kanila pong deaths per million na nasa 901.

At ang panghuling panukatan naman natin, ito po 'yung tinatawag na case fatality rate. Sa buong mundo, pang-100 po tayo. Samantalang sa ASEAN, tayo po ay nasa panlima. At mas mababa po ang ating case fatality rate kumpara sa Viet Nam na 2.28 percent; ang Cambodia, 2.39 percent; ang Indonesia nasa 3+ percent po sila --- 3.38; Myanmar, nasa 3.70 percent; tayo po, uulitin ko, nasa 1.6 percent.

Ang ibig sabihin na naman po nito ay ang atin pong pangangalaga, pagkalinga, at pagsalba ng mga buhay, iyong mga pasyente pong nagkaroon ng severe to critical COVID cases ay ito po nasalba ng atin pong mga mahuhusay na mga doktor, mga nurses, atin pong mga bumubuo ng mga healthcare teams. At ang laki po ng kanilang husay, kagalingan, at sakripisyo para po masalba ang buhay ng atin pong mga kababayan.

*[Next slide.]*

Dito naman po ang ating walang kaduda-dudang ebidensiya na bumabagsak na po ang mga kaso. Makikita po natin dito, ang average daily reported cases bumaba by 13 percent. Before that, 48 percent; prior to that, 14 percent.

Mula noong October 19 to October 25 week, tuloy-tuloy na po ang pagbaba ano ho at ang makikita po natin 'yung pinakamataas po natin doon sa bandang kanan na bar graphs ay from September 6 to 12, umabot po sa 20,946, ito po 'yung weekly average daily cases 'no at iyan po 'yung ating epidemic curve. At sana po ito ay makapagpatuloy para maibaba pa natin ang Alert Level 2 sa Alert Level 1 kung matustusan natin itong ganitong trend, Mr. President. So…

*[Next slide.]*

Ganoon din po, nagpapakita ebidensiya nang pagbagsak ng mga kaso. Iyon pong blue epidemic curve ay ang NCR; iyong pula, iyan po 'yung rest of Luzon; samantalang iyong berde naman po ay ang Plus Areas of Bulacan, Cavite, Rizal, Laguna; samantalang iyon pong kulay orange ay ang Mindanao na mga kaso; at ang Visayas iyon pong aqua blue. At lahat po nakikita natin pababa po lahat ang ating mga kaso at bawat major island group ay nakapagtala ng less than 1,000 cases per day on the average.

So maganda po ang nakikita natin ngayon at sana po ito ay magpatuloy. At kaya naman lahat po ay inaasahan pa rin na hindi po tayo puwedeng magluwag sa atin pong pagsunod sa minimum public health standards and other social measures kasi po kahit na bumababa ang ating healthcare utilization rate, bumababa po ang ating average daily attack rate per 100,000, at ang atin pong two-week growth rate ay hindi po nangangahulugan na magluluwag po tayo. Dahil kung hindi, matutulad po tayo sa United Kingdom, Germany, France, Italy, Spain na kung saan po ay rumaragasa muli ang COVID-19, Mr. President. It's all up again, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes, may I interrupt you?

**SEC. DUQUE:** Yes, sir, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** I-ano ko lang. Sa Europe pati sa... Iyan kasali na ang number one na ano iyong United Kingdom and I think the rest of Europe, ang mga tao doon hindi na nag-mask. Tinanggal nila iyong mask kasi akala nila safe na.

Eh sinasabi naman ng mga doktor, mga scientists na ang COVID ay nasa hangin pa. Eh hindi pa nawala. Eh apurado kasi itong mga tao na ito, kagaya ng mga puti, tinanggal na 'yung requirement ng mask. So hindi na mandatory, kanya-kanyang laro na.

Ngayon ang sinasabi ngayon, itong sinasabi ni Secretary Duque na nagkaroon na ng --- well, another wave of infection sa population. Tumataas na naman ang ano nila.

Can you continue?

**SEC. DUQUE:** Salamat po, Mr. President. Kaya huwag po tayong tutulad doon po sa mga bansang nabanggit po namin ni Mr. President na ang Europa na kung saan siya po ngayon ang epicenter ng global pandemic ay dahil po sila ay naging pabaya sa kanila pong dati nang ginagawang minimum public health standards.

Nagkaroon nga sila ng tinatawag na Freedom Day na kung saan nagtanggal ng mask at nawala ang social distancing o kaya din naman nakita natin ay nagtaasan muli. Sumipa muli ang kanilang mga kaso at mahalaga ang leksiyon na dapat po nating matutunan sa kanilang karanasan.

Kaya hindi po puwedeng bakuna lang po ang ating sagot sa pandemyang ito, Mr. President. Kailangan magkasama po iyong bakuna, we have to increase our vaccination coverage, sustain the trajectory, couple that with a very disciplined compliance to minimum public health standards.

So iyon pong ating pag-mask, ang atin pong social distancing, paggamit ng alcohol o sanitizers, iyon pong ginagawa ninyo gabi-gabi, araw-araw sir na nagpupunas kayo. Maganda pong halimbawa 'yan, Mr. President. *[President Duterte shows his alcohol]* Iyan po. Yes, sir. Napakamahalaga po 'yan, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Iniinom ko na nga eh. *[laughter]*

**SEC. DUQUE:** Baka may lumabas diyan, sir. So iyan po at ang atin pong mga cough etiquette, iyan pong mga praktikal na mga bagay na hindi naman po mahal.

Kung iisipin po natin, Mr. President, napaka-practical and it doesn’t cost much. Actually, it's so affordable, and yet iyong kanya pong halaga sa pagprotekta ng ating kalusugan laban sa pandemyang ito ay napakamataas po. Kaya iyon pong ating mga health protocols huwag po nating kakalimutan, napakamahalaga po ito.

*[Next slide.]*

Ito naman po, makikita natin ang national and the NCR nasa low risk --- ulitin ko po, nasa low risk classification na po. Pero ang CAR, ang Cordillera Administrative Region ay nananatili at moderate risk case classification pero kampante po tayo na malapit na rin po siyang maging low risk.

Ang buong Pilipinas po ay ang kanyang two-week growth rate nasa negative 55 percent, samantalang ang kanyang average daily attack rate ay nasa 1.86 percent, nasa low risk pareho. Kaya doon sa risk classification, halos lahat 14 ay nasa low risk. Iyong tatlo sa baba ay mas

mababa pa sa low risk, nasa minimal risk na lang po. At ‘yun na nga, ‘yung moderate na risk ng CAR, palagay ko ay hindi magtatagal magiging low risk na rin po ‘yan.

So ibig pong sabihin nito ay talagang gumaganda ang ating COVID-19 situation at sana po matustusan natin ito at patuloy upang maibaba pa natin ang alert levels natin from 2 to 1, at mas malaking bahagi ng atin pong ekonomiya ang puwede po natin mabuksan.

At next slide po naman ang ating healthcare utilization rate, Mr. President, ganoon din po except for CAR and Region II na medyo may kataasan. As of November 3, 60 percent ang kanyang ICU utilization rate at ang Region II nasa 64 percent, pareho pong nasa moderate risk classification. And the rest are all low risk, Mr. President ‘no.

So maganda rin po ang ipinapakita nito bilang panukatan ng ating COVID-19 situation at kung gaano kaepektibo ba ang atin pong tugon sa pandemyang ito. Ito po ang ebidensiya, nakikita po natin lahat.

So maganda po ang ipinapakita nito at --- *[next slide]* --- ito naman, dumako naman po tayo sa epidemic curve ng atin pong deaths. At makikita natin dito, pababa din po ang naitatalang COVID-19 deaths sa atin pong bansa. Ngayong November, nakapagtala tayo ng 377 deaths or on the average mga 25 na mga pumanaw kada araw. At malayong-malayo po ito noong ating September. Noong September po tayo, ‘yan ang atin pong pinakamataas. Umabot tayo ng 6,174 deaths in the month of September or 206 deaths per day ano po. So ngayon ay bumababa na po tayo.

Next slide ang atin pong vaccination status. Ang total administered doses po natin nasa 69,713,994 ang first dose. Ito po ‘yung 41.7 million dapat po ‘yan nasa 38 million lang po ‘yan, naisama po kasi rito ‘yung first dose ng Janssen. Eh ito pong Janssen iba po ito kumpara doon sa mga ibang bakuna na dalawang beses po dapat iturok, ‘yung first and second dose, two dose of the primary series samantalang ang Janssen isa lang po. So naisama po ito rito. Dapat po nandoon lang po ‘yan doon sa 31,570,463 doses --- completed dose, fully vaccinated individuals po ‘yan ‘no.

So dito po makikita natin na ang ating total vaccination sites ay umabot sa 8, 439 sa buong Pilipinas at ang atin po namang --- ang 40.93 percent ito po ang vaccination coverage natin para doon po sa mga nakatanggap ng kumpletong bakuna.

Sa first dose naman natin nasa 54.08 percent. So ang atin pong --- ang target population 77,139,058 individuals. So ‘yan po ang detalye nito ay ibibigay po ni Secretary Charlie Galvez.

*[Next slide.]*

So habang patuloy naman po na ang dating ng atin pong mga bakuna ay panawagan po natin ay patuloy din na ang mga taong hindi pa nababakunahan magpabakuna na po kayo kung ang pagkakataon ay nandidiyan na. At ito po ay mananatiling susi sa atin muling pagbangon mula sa pandemya at maibangon ang dating sigla ng ating ekonomiya at mahalaga po na bakuna at saka minimum public health standards.

At ang huling bahagi naman po ng aking ulat, Mr. President, ay patungkol sa healthcare worker benefits. Maiksi lang po ito. *[Next slide. Next slide po. Iyan.]* As of 12 p.m. ngayong araw, nasa 16.11 billion na ang kabuuang pondo na naipamahagi po natin sa atin pong mga healthcare workers para sa kanilang benepisyo mula sa Bayanihan 1 and 2.

At mula sa nasabing halaga, 924.98 million na ang naibigay sa 79. --- ah 79,662 eligible healthcare workers na kabilang sa Batch 3 and 4 para sa kanilang SRA – special risk allowance. Samantala, 635.81 million naman ang naipamahagi sa 27,066 na aplikante para sa sickness and death compensation claims. Asahang patuloy na ipapamahagi ng inyo pong DOH ang atin pong --- ang natitirang pondong nakalaan para sa SRA Batches 3 and 4.

In summary, Mr. President --- *[next slide]* --- iyan po nakikita po natin patuloy na pagbaba ng ating mga kaso sa buong bansa at maganda itong indikasyon at atin mahigpit na pagsunod sa minimum public health standards nitong mga natitirang linggo ng 2021 ang magdidikta kung magpapatuloy ang pagbaba ng ating mga kaso o mapapanatili natin ang kasalukuyang lebel nito.

At nananawagan tayo sa publiko na patuloy na sumunod sa MPHS at iwasan ang mga 3Cs activities. Ano po 'yung 3Cs? Ulitin po natin, ito po 'yung closed spaces, crowded areas, and close-contact settings. At pangalawa, maliban po sa MPHS pinakamabisang proteksiyon ang bakuna. At sa nalalapit na National Vaccination Day, nananawagan kami sa lahat na hindi pa nababakunahan na nasa edad 12 pataas, 12 years and above, na samantalahin ang pagkakataong itong magpabakuna.

Ang atin pong pagpapatupad ng PDITR and vaccination strategy kasama ang pagsunod sa minimum public health standards, mapapanatili nang mabilis na active case-finding. Ako po'y nananawagan sa mga local government units --- nandiyan po si Chairman Abalos, na kung saan naging matagumpay ang kanila pong mga ginawa katulad ng active case-finding, ang contact tracing and efficient immediate isolation na ginagabayan po sila ng Department of Interior and Local Government. At 'yung pagbibigay --- pag-allot ng COVID-19 beds, ito po lahat ay susi sa matagumpay na COVID-19 response pagtatapos --- sa pagtatapos ng 2021.

Ito rin ang pinakamagandang ating maireregalo, Mr. President, sa atin pong mga healthcare workers na walang sawang tumugon sa mga pangangailangan pangkalusugan ng sambayanang Pilipino sa panahon ng pandemya.

Maraming salamat po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ah salamat, Secretary Duque. Dito muna tayo kay --- ibigay ko muna itong time na ito kay Secretary Delfin Lorenzana. May sasabihin lang siya.

**DND SECRETARY DELFIN LORENZANA:** Magandang gabi, Mr. President; colleagues. Mr. President, bago ko banggitin 'yung sasabihin ko para tungkol doon sa statement ni General Parlade, puwede po bang magbigay ako ng ulat nung aking --- aking trip sa Spain at saka Poland? Sandali lang po. Sandali lang.

Mr. President, ang una ko pong pinuntahan noong mga --- noong nakaraang linggo ay ang Espanya. At doon ay nakipagpulong ako sa Defense Minister, ako'y nag-attend nung Defense Exhibit kasama ng ibang mga --- mga opisyales ng Armed Forces. Dinala ko rin 'yung CASA, ito 'yung aircraft company na gumagawa ng ating tatlong eroplano, 'yung C-295 na karagdagan sa ating fleet.

Nagkaroon din po kami --- nagkaroon din ako ng wreath laying o nag-alay ako ng bulaklak sa marker ni Jose Rizal sa Madrid. Nakipagpulong din po ako sa mga Filipino-American community kasama na 'yung ambassador.

Mayroon pong mga hinaing 'yung mga Filipino-Americans --- ah Filipino-Spaniards doon --- Filipino --- Spanish-Filipinos, ang isa pong hinaing nila ay hindi po sila OFW kung hindi mga dual citizens ay 'yung matagal na quarantine dito 'pag dumating sila. Gusto nilang umuwi kaya lang hindi sila makauwi dahil nga doon sa quarantine.

Ang sabi ko naman maghintay lang sila ng ibang mga --- ilang buwan pa, isang buwan o dalawa at luluwag na 'yung ating quarantine.

Ang isa pang ano may nagsabi rin po, Mr. President, na kung puwede iyon daw online sabong ay limitahan lang 'yung panahon dahil marami pong nalululong na mga overseas na mga Filipinos sa online sabong.

Doon naman po sa Poland ay nakipagpulong din ako sa Secretary of Defense, at of course, nakipagpulong din ako sa ating ambassador doon. Dinalaw ko rin 'yung aircraft aviation company na gumagawa ng ating Black Hawk helicopters. Doon po galing 'yung ating naunang batch ng Black Hawk. Gagawa pa sila ng 32 --- iyong 32 nating inorder sa kanila din po.

Nakipag-meeting din po ako sa mga Filipino-American --- Filipino-Polish 'yung mga Pilipino sa Poland na kaunti lang po, mga dalawang libo lang sila doon pero nakapag-meeting din kami ng siguro mga 25. Iyon po, iyon po ang aking --- ang aking bisita sa Poland at saka sa Espanya.

Ngayon, doon po naman sa statement ni General Parlade. Ako po ay nagulat din kung bakit nadawit 'yung pangalan ko doon. Ang sabi ko pagkatapos po nang mapanood --- mapakinggan ko 'yung kanyang interview ay tinawagan ko siya kung bakit sinasali niya ako sa kanyang political ambition.

Nagpalabas na po ako ng press release, ito po 'yung press release ko tungkol doon at kung kuwan po payagan po niyo ako, basahin ko po, Mr. President, basahin ko po ito.

**PRESIDENT DUTERTE:** Go ahead.

**SEC. LORENZANA:** Statement of the Secretary of National Defense on General Parlade.

General Parlade's statement is baseless. In the years, I have known the President, he has always been his own man. The President stands by his own decisions, has always been firm in his directives to us, who are working for him, and is not as easily swayed or influenced by others as purported by the general.

As then Special Assistant to the President and now Senator, Bong Go has assisted the DND in ensuring the doubling of the salaries of the uniformed personnel as directed by the President. He has --- he has also been consistent in strongly supporting DND in all its programs and modernization efforts.

In all these endeavors, Senator Bong Go's support to the DND and AFP has not abated. He has always been our main bridge to the President and I have not known any instance when Senator Bong Go acted outside the wishes and decisions of the President.

In addition, the Armed Forces of the Philippines remains a professional organization that continues to work in the interest of the Filipino people, regardless of the prevailing political landscape.

There is no truth to the allegations that there is a brewing trouble or discontent in the Armed Forces.

Iyan po ang press release ko ngayon, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you. Iyon na ba?

**SEC. LORENZANA:** Iyon na, sir, iyon na, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat. Next...

**NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.:** Mr. President; Executive Secretary Bingbong Medialdea; Senator Bong Go; fellow Cabinet members; mga kababayan ko, magandang gabi po sa inyong lahat.

Sa atin pong pagbabalita po ngayon ay bibigyan po natin ng analysis ‘yung mga figures na nai-present po natin kanina po, Mr. President, and then also ‘yung aming preparations sa 3-Day National Vaccination Day.

Sir, ‘yung mga figures po nito kung titingnan po natin, ‘yung ating complete doses naka-40 na po tayo, naka-40 percent --- 41 percent based on the data natin sa ating mga tinatawag natin, sir, na mga adult population.

And then kung titingnan po natin ‘yung the gap between the first dose and second dose, tumataas po siya at nakita po natin na more or less 7 million po ang taas ng first dose, second dose, meaning tumataas po ‘yung ano natin, pagka tumaas po ang first dose, ‘yung percentage na po, Mr. President, ibig sabihin po tumataas na rin po ‘yung ating vaccination rate.

Kung titingnan po natin ‘yung ating 49.45 percent, ito po ang target po natin dito, gawing 70 percent before the end of November. And then also ang balak po natin itong ano, itong second dose ay i-akyat din ho natin ng 70 percent before the end of December. So ang kagandahan, Mr. President, paakyat nang paakyat ang ating highest weekly output.

Noong last week po, noong pag-report namin po sa inyo is 5.4, ngayon po 5.5, meaning lumalapit na po tayo sa ating week --- monthly output na at least maka 25 po million po ngayon tayong --- ngayong November.

So ‘yung atin pong output po ngayong araw at saka ngayong ano, ngayong linggo ay naga-ano po, naga-ano po na talagang malaki po ang improvement and we are very confident to surpass the 1.5 million mark.

*[Next slide, please.]*

Sir, kung titingnan po natin, ito po ‘yung ating details ng ating 7-day daily average. Kung makikita po natin na Wednesday, Thursday, Friday, nagkaroon po tayo ng 3 million sa isang consecutive days.

Ito po ito kung titingnan po natin sa ano sa global data ‘yung 797, number 8 po tayo sa global data, number 8 na pinaka-highest output, at ang ano po natin is number 4 po tayo doon sa ASEAN output po natin.

So kung makikita po natin na ‘yung ating highest weekly output ay isa sa pinakamataas doon po sa ating tinatawag na global output natin sa vaccination.

*[Next slide, please.]*

Sir, ang ating total vaccines received is 123 [million], meaning 60 million Filipinos can only be --- already received their vaccines na two doses. Ang maganda po dito ay ang ating donations from COVAX at saka po donations sa bilateral, it comprises more or less 35 million.

Sa ngayon po, ang ating ano volume po na nasa ating warehouses is 53 million. And then mayroon pa pong darating na ano, darating po na 17 million. Ito po, pagka po dumating ang 17 million, aabot na po tayo ng 140 million doses, meaning ‘yung ating quota for the year of 70 million makukuha po natin. At ‘yung darating po ng December, ‘yun po puwede na po nating ilaan po sa first quarter ng 2022. So makikita po natin na itong 17 million po na ‘to, pagka pinag-add po natin ‘to is 140 million.

*[Next slide, please.]*

Sir, tingnan po natin ngayon ang mga vaccine administration update by region. Ang report po ng ating Metro Manila Council at ang ating MMDA, mayroon na po silang 101.92 percent dahil po sinama po nila dito kasama na po ngayon ang vaccination ng ating mga children and sila po 92.12 percent na po ang kanilang fully vaccinated. Ang CAR po ay sumusunod po na 56 percent ang kanilang first dose and also 44 percent ang kanilang second dose.

At ang Region XI, Region IV-A, Region III, Region X, Region I at Region VI and VII humahabol na rin po. At makikita po natin na ‘yung mga region ng Region XI, CAR, Region IV-A at saka ‘yung Region III ay mayroon na pong more or less 40 percent na fully vaccinated na po ang kanilang mga constituents. And nakita po natin ‘yung Region II ay humahabol din po ang Region II dahil mayroon na po silang 47.70 percent na first dose at mayroon na po rin silang 31 percent na second dose.

Ngayon po, Mr. President, bibigyan ko po kayo ng briefing sa mga different cities naman po na matataas ang ating mga vaccination rate.

*[Next slide, please. Next slide, please.]*

Sir, kung makikita po natin, dati nagkaroon po tayo ng NCR --- NCR Plus 4, NCR Plus 6 kasama po ang Bulacan, Rizal, Cavite, and Laguna. Ang kagandahan po dito, ito pong mga area pong ito tumataas na rin po ang kanilang vaccination at nag-a-average na more or less 60 percent na po ang coverage ng kanilang first dose, and then more or less ang kanila pong ano average po is more or less 45 percent ng kanilang fully vaccinated.

At nakikita po natin dito 'yung Cebu mayroon na po siyang 68 percent first dose at 54 na second dose. Iyong Davao City po nakita po natin mayroon na pong 73 percent ng first dose. Ito po, ibig sabihin naka-quota po na ito noong November dahil ang target po natin sa November at least may 70 percent po tayo.

And then 'yung Angeles City, 86 percent ng first dose; iyong Baguio City, sir, napakataas, 106 percent na ang kanilang first dose, meaning wala pong hesitancy, may 106 percent, kasama rin po 'yung mga taga-Benguet na pumupunta po sa Baguio City.

Zamboanga, mayroon po silang 57 percent; and then Iloilo City po malaki rin po ang kanyang ano, ang kanyang percentage, 115 percent kasi ang mayor po dito, lahat ng mga taga-probinsiya ng Iloilo sinasama niya na rin po. At makikita niyo rin po 'yung kanyang second dose naka-102 percent na po siya at mabilis din po 'yung kanyang vaccination sa mga children. Then nakita rin po natin Ormoc, nakita natin 'to 70 percent, and also nakita natin 45 percent din.

Iyong Mabalacat, ito po sa Pampanga, isa rin po 'to na mataas ang nakikita natin na coverage, mayroon po siyang 99 percent and then 87 percent ang kanyang fully vaccinated. And also 'yung Antipolo mayroon pong 85 percent ang kanyang first dose and then 65 percent po ang kanilang second dose.

Kung makikita po niyo, Mr. President, ito po 'yung mga cities na binigyan po natin ng prayoridad dahil noong dati po tumataas din po 'yung kanilang mga kaso. Ito pong mga area pong ito noong sa ating first wave at saka second wave talagang ito tinamaan din po nang mga matitindi lalo na po 'yung Iloilo City at Davao City, and also 'yung Cebu City talagang tinamaan po nang matindi noong mga variant --- Delta variant na tumama po sa atin.

*[Next slide, please.]*

Sir, ito naman po 'yung ating National Vaccination Day preparation. Kaninang 1 o'clock po mineeting (meeting) po namin ang lahat ng mga organizers at saka 'yung mga participants, 193 of them participated during our conference meeting sa preparation po sa ating National Vaccination Day.

Ang target po natin ay makabuo tayo --- from 5,000 makabuo tayo ng more or less 10,000 sites; and from 25,000 vaccinators ay makabuo po tayo ng 50,000 na vaccinators.

Ito po ang mga primary agencies na involved: 'yung IATF, DOH, NTF, DND, and DILG which is basically sila ang in charge sa mobilization, integration, preparation and vaccine stockpiling, supervision, and setting up targets by regions and LGUs. While the DepEd, CHED, and TESDA will provide vaccination sites with their schools; augmentation to the vaccination team, 'yung clinical and screening, and medical and nursing students as vaccinators.

So si Secretary Popoy po naglabas na po ng joint memorandum with DOH na puwede na po 'yung ating mga nursing students at saka 'yung medical students as vaccinators. They are also involved on demand generation, the vaccination of students and teachers and school personnel.

We will push that by the end of the year, kailangan po na talagang 90 percent na po ang lahat ng mga estudyante, teachers, at mga in-school personnel.

*[Next slide, please.]*

Sir, ito po 'yung instruction niyo po na i-mobilize na po natin ang ating mga service personnel: ang AFP, PNP, Coast Guard, ang Bureau of Fire, ang Bureau of Jail and Management, at saka isama na po namin 'yung DOTr.

Sir, 'yung ating mga Rider's Association, 'yung mga big bikes at saka 'yung mga bikers, nag-volunteer din po. Gusto po nila na sila po ay tumulong, sila po ay maka-[help?] ng mga tinatawag natin na mga vulnerable citizens like mga seniors. Sila na rin po ang mag-ano, magbibigay ng mga information drive. Sabi nga po 'yung Rider's ano, sir, malaki raw po na organisasyon 'to. Sila po ang pupunta po sa mga dulo-dulong mga area.

So ang gagawin po natin 'yung AFP at saka PNP and Coast Guard, they will be in charge on mobilization and integration to help the NVOC and the DOH on the mobilization aspect, and also because considering that they have a very robust logistics and transportation fleet, tutulong rin po sila sa mga transportation sa ating mga bakuna, lalo na po 'yung mga aircraft at saka mga helicopters.

And then 'yung mga nurses and doctors, military nurses and doctors and reservists at saka po 'yung mga pulis natin na mga doktor at mga nurses at iba pang mga reservists ay mag-au-augment din po ng vaccinators and then they will offer 'yung mga camps nationwide as vaccination site.

And also they will provide security marshals and the hauling and transportation of the vaccinees. Iyon po ang pinag-uusapan namin ni Secretary Año. Sila na po ang magbabahay-bahay, 'yung mga pulis po natin, sila po ang magbabahay-bahay lalo na po sa mga areas na mga congested areas at saka 'yung military naman po sila naman po ang maghahakot doon sa mga geographically isolated areas lalo na po sa mga island.

And then 'yung DOT, DOTr, DOLE, DSWD and other government agencies, they will support the vaccination programs by vaccinating tourism personnel, transport sector, OFW, seafarers, and frontline workers. Particularly 'yung DSWD po, sila po ang talagang nandoon sa loob ng mga tinatawag nating mga 4Ps. Sila na rin po ang ating gagamitin para at least mahikayat po 'yung ating mga tinatawag nating mga indigent at saka informal settlers and workers.

*[Next slide, please.]*

And then 'yung --- kasama na po natin dito 'yung mga private sector, 'yung different medical association. Actually, sir, 'yung Vaccination Day is an idea by the Philippine Medical Association at saka Philippine Pediatric Society. Kasama rin po dito 'yung religious sectors, 'yung mga Catholic Bishop of the Philippines at saka 'yung mga religious groups and NGOs.

They will provide 'yung tinatawag nating mga vaccinators and volunteers. Demand generation nakikita po natin 'yung mga religious napakalaki po ng kanilang mga influence. So we will also use 'yung kanilang mga tinatawag na mga cathedrals and also the different churches na maging ano rin po venue for vaccination like what we are doing to Quezon City.

And also they will provide LGU advices, resources and venues and also vaccination sites. For the National Vaccination Operations Center, Regional Vaccination Operations Center, the Local Vaccination Operations Center. Iyong Local Vaccination Operations Center, ito po 'yung tinatawag natin sa mga LGU. Nandito rin po 'yung tinatawag nating National Adverse Effect Council na sila po ang titingin ng safety ng ating vaccination, and also, with the different LGUs.

So the LGUs will activate the different vaccination operations center. They will capacitate the LGUs, for example, 'yung provinces tutulungan nila 'yung mga municipalities nila and then 'yung mga barangays ay tutulungan din ng mga different municipalities and cities.

So they will ano, they will manage the supply and cold chain inventory and administration. They will be in charge of stockpiling the vaccines in the regions and the provinces and even in municipalities and cities. And then they will be in charge of also of the deployment and administration of vaccines and they will aim --- ang aim po natin, sir, is 5 million per day target or more or less 15 million doon po sa National Vaccination Day.

And then beside from that, ang kailangan din po natin is to ensure safety and efficiency and minimum wastage kasi nakita po natin we will be deploying more or less 15 to 16 million vaccines and we wanted that there will minimal wastage in terms of 'yung tinatawag natin na maano po, mabulukan po tayo ng ating mga bakuna.

*[Next slide, please.]*

Sir, ito po 'yung pinakaano po namin na last statement that *"The best Christmas gift that we can give to ourselves and our families, and our friends and co-workers, and everyone in our community is to have ourselves vaccinated."*

So our advice is to *"get the COVID-19 jab now so we can have a better and safer Christmas!"* And considering that there is a rising cases in Europe for the unvaccinated, we advise that we have to get the COVID-19 jab and be a hero to your family and community. So our mantra is to get vaccinated soonest possible time.

Maraming salamat po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Galvez. We go now to Secretary Eduardo Año.

**DILG SECRETARY EDUARDO AÑO:** *[Please put my slide.]* Magandang gabi po, Mr. President; Executive Secretary Salvador Medialdea; Senator Bong Go; fellow public servants; mga kababayan, magandang gabi po.

Ang unang ulat ko po ay ang --- dahil po tayo ngayon ay nasa Alert Level System na ang nagaganap na granular lockdowns sa buong bansa, *[please next slide]* dito po, Mr. President, makikita po natin na iilang lugar na lamang po ang under sa granular lockdown. Sa 39 cities and municipalities o 189 barangays, makikita po 299 na lang po ang nasa granular lockdown areas sa buong Pilipinas na nakakaapekto sa 443 households.

Makikita po natin sa National Capital Region, 14 na lang ang ating natitirang under the granular lockdown. So ibig sabihin po talagang napaganda at bumababa ang ating mga numero. At ito po'y nakakaapekto sa 44 households na lamang.

*[Next slide.]*

Dito din po sa ating recorded violations na natala nitong nakaraang linggo, bumaba rin po ang mga violators. Nakikita po natin dito ang not wearing of facemask nasa 62,000 na lamang; 789 ang mass gathering violation; at 29,616 ang no physical distancing. Ang ibig sabihin po nito ay nakikita natin na sumusunod naman ang ating mga kababayan. Bagama't makikita natin na talagang nagdagsaan ang ating mga kababayan sa paglabas, siguro po ay nasabik lamang sila dahil sa matagal na lockdown noong nakaraang one and a half year.

Pero makikita po natin na huhupa naman ito. At kahapon po ay umikot kami at nakita namin na sumusunod naman ang ating mga kababayan sa minimum public health standard.

*[Next slide.]*

Ito naman po, Mr. President, 'yung ating update sa anti-illegal drug operation. Nakapagsagawa tayo ng 734 anti-drug operation at nakapag-aresto ng 1,049; 32 naman ang nag-surrender; at dalawa ang nasawi sa ating operations. Sa kabuuan, 35,634,404 worth of shabu and marijuana ang ating nakumpiska nitong nakaraang linggo.

*[Next slide.]*

Ito naman po, Mr. President, ay magbibigay ako ng ulat sa progress ng ating Support to Barangay
Development Program (SBDP). Marami po kasing isyu ang lumalabas dito at gusto po nating ipakita kung saan napupunta ang pera ng bayan at sino po talaga ang nakikinabang sa mga projects na 'to.

Sa ngayon po, out of 42,046 barangays sa buong bansa, sa ilalim ng SBDP 2021, 822 barangays po ang nasa ilalim o nagkaroon ng mga projects. At ito po ay two percent lamang ng ating kabuuang barangays sa buong Pilipinas. At sa fiscal year 2022 po, ang ating pino-propose ay magkaroon din ng Support to Barangay Development Program sa 1,406 barangays, 3.3 percent po 'yan ng total barangays natin nationwide.

Ngunit ito po ang mga barangay na dapat mabigyan ng tulong, serbisyo at kaunlaran dahil po sa mga sumusunod na dahilan. *[next slide]* Unang-una po, ang mga barangay na ito ay napailalim sa kontrol ng mga teroristang komunistang rebelde, at sa tagal ng panahon, ngayon na lamang po sila nakonsiderang cleared ng AFP at PNP.

Ikalawa, dati 'tong --- dati po itong bahagi ng baseng gerilya at sonang gerilya ng CPP-NPA, at ito po ang pinagmumulan ng mga NPA recruits, lalo na po sa mga area ng ating mga IP brothers.

Ikatlo, ang mga barangay na ito ay kabilang sa tinatawag na geographically isolated areas na malayo sa sentro ng komersiyo at merkado, mga lugar po na walang kuryente, walang kalsada, at walang potable water.

Ikaapat, ang mga barangay na ito ay kabilang sa pinakamahirap na komunidad sa bansa na may mataas na poverty incidence rate. At ang ikalima, matagal nang hindi nakakatanggap ng programang pangkaunlaran at iba pang serbisyo mula sa pamahalaan ang mga barangay na ito dahil na rin po sa kapabayaan ng mga dumaang administrasyon.

*[Next slide.]*

Dito po, Mr. President, nais ko lang ibahagi ang mga proyekto ng ating SBDP. Base po sa report mula sa ating mga regional and provincial offices, as of November 15, sa mga infrastructure projects makikita po natin ang validity po ng ating 16.4 billion budget ay dalawang taon, hanggang December 2022.

At makikita po natin na on time, on schedule naman po tayo. Sa ngayon po ay mayroon tayong 1,031 na projects na nasa procurement stage; 661 naman po ay ongoing constructions; at 31 naman po ay completed na at pinapakinabangan na sa out of 2,318 projects.

*[Next slide.]*

Gusto ko lamang pong i-highlight ang mga ongoing at completed projects ng Support to the Barangay Development Program. May nakalaang 11 billion para sa farm-to- market road projects sa 757 barangay. Mahigit 525 million naman ang inilaan para sa pagpapatayo ng barangay health stations, a total of 160 barangay health stations.

Mahigit P594 million ang allocated sa 152 school building constructions; habang nasa 2.4 billion ang allocated para sa 522 water sanitation programs; 159 barangays ang makikinabang sa rural electrification projects; habang 25 barangay ang naitatalang benepisyaryo ng construction, rehabilitation, and repair ng mga existing facilities.

Sa housing projects naman, pitong housing projects sa pitong barangay ang binigyan ng kabuuang P22.4 million at may inilaan din po tayong 177 agricultural at livelihood programs na umaabot sa P284.45 million, at assistance to indigent Filipinos sa 73 barangay na nagkakahalaga ng P118.54 million.

*[Next slide.]*

Ang mga proyekto sa ilalim ng SBDP ay sadyang prinograma at pinag-aralan upang mabigyan ng solusyon ang pangangailangan ng mga barangay na noo'y nasasadlak sa problemang pangkapayapaan at iba pang suliraning pangkatahimikan.

Sa tulong po ng SBDP, nagkaroon ng pagkakataon ang mga barangay na ito na maging benepisyaryo ng mga programang pang-imprastruktura, pangkabuhayan upang maiahon sa kahirapan ang mga komunidad na dating nasa ilalim, kontrol, o pananakot at impluwensiya ng CPP-NPA.

Tatlumpu't isang proyekto ang pinondohan sa ilalim ng SBDP na natapos na at makikita naman natin sa slide show na ito kung papaano nagbago ang tanawin ng mga liblib at malalayong barangay.

Nabigyan din ng hanapbuhay at panibagong panimula ang ating mga kababayang mahihirap sa tulong ng mga livelihood projects tulad nang pagbili ng mga pananim na binhi at alagang manok.

Naniniwala po ang NTF-ELCAC na under po sa inyong pangungu --- sa inyong pamumuno na malaki ang mawawala sa mga umaasa nating kababayan kung hindi maipagpapatuloy ang implementasyon ng SBDP dahil babawasan ang pondo.

Ilang dekadang salat sa tulong at kalinga ng pamahalaan ang mga komunidad na ito kaya marapat lamang na ibuhos natin sa kanila ang mga programang aalalay sa ating mga kababayang makabangon mula sa kahirapan.

Kung mamarapatin po ninyo, Mr. President, naghanda po ang Project Management Office ng maikling video, dokyumentaryo upang inyo pong marinig mismo sa mga benepisyaryo ng SBDP ang kanilang saloobin patungkol sa programang ito.

*[Please, next slide.]*

*[Plays video]*

*[Next slide, please.]*

Mr. President, ang validity ng SBDP 2021 Fund na inilaan sa 822 barangays ay hanggang December 2022. Karamihan sa mga proyekto ay infrastructure projects at ang lahat ng ito ay matatapos at mapapakinabangan ng ating mamamayan bago pa man po matapos ang inyong termino.

Samantala ay masisimulan naman natin ang mga SBDP 2022 projects para sa 1,406 barangays sa 1st quarter ng 2022.

Mayroon pong 1,295 LGUs ang nagpasa ng resolution na sinusuportahan ang SBDP for fiscal year 2021 at 1,825 naman po na LGUs ang nag-issue ng resolution para suportahan ang SBDP for fiscal year 2022.

At noon pong September 20, 2021, ang League of Provinces of the Philippines ay naglabas ng GA Resolution No. 2021-009 supporting President Duterte's anti- insurgency program and urging Congress to approve the proposed 28.12 billion allocation for the Barangay Development Program for the NTF-ELCAC in the 2022 General Appropriations Bill. Ito po ay pirmado ni Governor Jose Riano, ang Deputy Secretary-General; Governor Presbitero Velasco Jr., National President; at Governor Dakila Carlo Cua, National Chairman.

Mahalaga na maipagpatuloy ang SBDP dahil ang pag-unlad ng mga komunidad na ito ang sagot sa kahirapan at sa ilang dekadang suliranin dulot ng mga teroristang komunistang rebelde. Ang mga programang katulad ng SBDP ang susi upang sa wakas ay matuldukan na ang insurhensiya sa ating bansa.

Iyan lamang po, Mr. President, marami pong salamat.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Año. Ang susunod unahin na muna natin si Director General sa DA, Rolando Enrique Domingo.

**DIRECTOR GENERAL DOMINGO:** Yes, sir. Magandang gabi po, Mr. President; magandang gabi po kay Senator Bong Go; kay ES; at saka sa mga miyembro po ng Gabinete.

Mayroon lang po akong kaunting update sa mga bakuna po na ginagamit natin lalong-lalo na po 'yung inaabangan na additional third shot or 'yung booster shot na tinatawag. Mayroon po tayong sa ngayon na under emergency use authorization na walong bakuna na ginagamit.

So marami po sa atin iba-iba ang bakunang natanggap po ng mga tao na number --- pinakamarami po ‘yung Sinovac which is half of the vaccines that we have administered so far. Pagkatapos po ‘yung iba ang Pfizer at ‘yun pong AstraZeneca, susunod po ‘yung mga Moderna, Janssen.

*[Next slide, please.]*

Ngayon po ang dumadami naman din ‘yung Sputnik. Ngayon po ‘yung mga EUA holder, ‘yun pong mga manufacturer ng mga bakuna na ‘to, nag-apply po sila ng variation or amendment sa kanilang EUA para magdagdag po ng pangatlong dose ng bakuna doon po sa kanilang bakuna na ginawa.

Ito po ‘yung Pfizer na nag-apply po ng third dose ng Pfizer din po, AstraZeneca at saka Sinovac. Homologous meaning the same two vaccines pagkatapos same po ‘yung third vaccine. Iyon pong Sputnik nag-apply po siya ng amendment sa kanyang emergency use authorization to be used as a homologous additional dose, same vaccine, at saka as a --- to be used as a heterologous booster. Ibig pong sabihin ay gagamitin siya bilang booster sa mga tao na nakatanggap ng ibang bakuna nang nauna na during the primary series nila.

At ang Department of Health po ay sumulat din sa FDA para po aralin ‘yung mga iba-iba pong combination ng mga booster na gagamitin as an additional vaccine kahit po iba ‘yung ginamit po ‘no na first two doses or heterologous vaccines. So ito po ay inaral natin, tiningnan din po natin ang mga desisyon at ginagawa po ng mga counterpart ng FDA sa ibang bansa katulad ng sa US at saka po ‘yung European Medicines Agency, sa --- tiningnan din po natin ang WHO, at ‘yung vaccine experts din po natin inaral ang ebidensiya na mayroon tayo sa panahong ito.

*[Next slide, please.]*

So ito po ‘yung na-approve natin ngayong araw na ito para magamit ng additional vaccination, ibig pong sabihin magdagdag na dose aside after ma-complete po ‘yung primary series na isa or dalawang dose.

Iyon pong Pfizer ay na-approve natin as a homologous additional third dose, ibig pong sabihin kapag naka-dalawang Pfizer, after six months maaari pong magbigay ng isa pa. Iyong AstraZeneca ay approved din po as a homologous third dose, ganoon din po ang Sinovac.

Ang Sputnik Light po, ito po ‘yung single dose na Sputnik, ay na-approve natin as a heterologous booster. Ibig pong sabihin maaari po siyang ibigay na pangatlong dose sa mga pasyente na nakatanggap ng ibang bakuna.

Iyon din naman pong Department of Health ay marami rin po tayong inaral doon sa mga combination and marami pong combination ng heterologous vaccine combinations na in-approve po natin na maaaring gamitin ng Department of Health starting po ngayong linggo na ito.

*[Next slide, please.]*

So ang --- ito pong ating pagbibigay ng additional dose at this time ay inaaprubahan po natin doon sa mga pasyente who are at high risk of getting of COVID, especially ‘yung mga high risk po of getting COVID and getting severe COVID at maaari pong mamatay sa COVID.

So unang-una po na population group na pinapayagan natin na bigyan ng additional dose ay ‘yung healthcare professionals and workers who are 18 years and older with frequent exposure to SARS-CoV. Ibig sabihin ito po ‘yung mga frontliners natin, mga nagtatrabaho po sa mga ospital na nag-aalaga ng mga pasyenteng may COVID.

Pangalawa po, ito ‘yung individuals who may fail to mount an adequate response to the primary series. Ibig sabihin, dahil mahina po ‘yung kanilang immune response, maaaring kahit nakadalawang bakuna na sila ay hindi nakaka-respond ‘yung katawan nila ‘no ng enough para maprotektahan sila. Ito po ang mga senior citizen at ‘yung mga patients, mga adult patients diagnosed with immunocompromised conditions. So may listahan po ito ng sakit ng mga immunocompromised na mayroon po ang Department of Health.

And pangatlo, persons aged 18 to 60, ito ‘yung hindi pa po senior citizen pero mayroong comorbidities that puts them at high risk of developing severe COVID-19 kung magka-COVID sila.

So ito po ‘yung tatlong priority group natin na maaari na pong bigyan nitong additional dose at ito po ay naka --- mayroon naman pong listahan ang Department of Health dito, nag-meeting na po kami kanina at alam naman nila kung sino ang mga pasyenteng maaari po nating unahin.

*[Next slide, please.]*

So gusto lang po naming ipaalala and reiterate that sa pagtitingin po natin at sa pagmo-monitor po natin ng mga bakunahan, talagang nakikita po natin ‘yung benefit ng vaccine, the protection it gives, it prevents illness at saka nakakabawas po nang pagkamatay from COVID-19 at mababa naman po ‘yung ating adverse events na nare-report.

Kaya nakikita naman natin sa ating continuous monitoring that the benefit of the vaccination definitely outweighs the risks and that it is an effective and clinical --- and critical tool in controlling the pandemic. Nakita naman po natin talaga ang kanyang silbi ngayon pong panahon ng pandemic.

*[Next slide, please.]*

And lastly, gusto lang din namin pong ipaalala, of course, na ‘yung boosters iko-consider lang naman natin when a significant proportion of eligible individuals have been vaccinated. Katulad po kanina, nakipag-meeting po ako sa Department of Health at uunahin nga po nila ‘yung mga health workers at pagkatapos naman doon at sabi po nila ready naman po silang magbigay ng additional dose sa mga health workers as early as Wednesday. Bukas po ay magse-set up at magdi-distribute po ng mga bakuna, and as early as Wednesday maaari na pong magbigay sa mga health workers.

Pagkatapos po no’n, ‘yun namang mga senior citizen na uunahin po doon sa mga lugar na matataas na rin ang coverage, katulad po halimbawa ng Metro Manila at saka ‘yung mga siyudad na lumalagpas 70, 80 percent na rin ang coverage.

And of course, sir, siyempre po talagang itong mga bakuna na ‘to we get new data every week, every month, and as the data comes in, tuloy-tuloy naman po nating inaaral ito at ine-evaluate and the recommendations, of course, may continue to change as more data becomes available.

Iyon lang po. Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Dr. Domingo. We go now to the last speaker for tonight, Secretary Karlo Nograles.

**CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES:** Maayong adlaw, Mr. President; Senator Bong Go; ES Medialdea at mga kaubanan nato sa Gabinete; mga kababayan.

Ipagpatuloy ko lang po 'yung notable accomplishments ng mga tanggapan at mga ahensiya na nasa ilalim po ng inyong opisina. Isa na po diyan 'yung Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) na alam po natin ay under the Office of the President. Of course, itong PDEA ay created by virtue of Republic Act 9165 or 'yung Comprehensive Dangerous Drugs Act ng 2002.

*[Can you put up my slides, please? Thank you. Ang slides po. Slides lang muna po.]*

Kabilang po sa trabaho siyempre ng PDEA 'yung effective implementation ng National Drug Control Strategy, formulated ng ating Dangerous Drugs Board. Alam po natin na kabilang po rin dito 'yung enforcement ng batas, Republic Act 9165 laban sa dangerous drugs or itong mga controlled precursors at essential chemicals; at kabilang na rin po 'yung pag-arrest, apprehend, search, cease, confiscate mga effects or proceeds ng krimen nang paglabag sa Dangerous Drugs Act; pagsampa ng kaso; prosecution ng mga criminal at civil cases for violation of all laws on Dangerous Drugs; at kabahagi din po 'yung pag-establish at maintain ng national drug intelligence system and efficient special enforcement unit; at ang pag-undertake ng national campaign for drug prevention and control programs.

Tingnan po natin 'yung accomplishment report ng PDEA. Ayon po sa kanilang mga reports ay 24,901 anti-illegal drug operations na po 'yung conducted as of August 31, 2021. At ang malaking bahagi po dito at accomplishment 'yung pagda-drug-free or drug-clear --- certified na drug-clear na po ang 1,714 barangays nationwide sa pamamagitan ng kanilang Barangay Drug Clearing Program.

*[Next slide.]*

At sa drug clearing ops po walang palakasan dito, Mr. President, kahit government workers na-involve dito ay talagang, lalo na't higit kung kayo ay nasa --- kung kayo --- ikaw po ay nasa gobyerno eh lalong hahabulin po. At kita niyo naman dito sa accomplishment report ng PDEA noong year 2020, 185 government workers na sangkot sa droga ay arestado. At nitong 2021, as of August ay 88 government workers, kabilang ang elected officials, uniformed personnel, at mga government employees na sangkot sa droga ay naaresto na po.

*[Next slide.]*

Pagdating naman sa drug personalities arrested, ito 'yung sinasabi nilang big fish na hinahanap po noong ibang mga nagtatanong. Kita po natin na 2,277 high value targets arrested as of August 31, 2021. Ito po 'yung mga target-listed suspects, mga drug den maintainers, drug group leaders, nasa wanted list, mga group members, mga prominenteng personalidad sa mga operations na itinuturing natin na high impact: 34,507 drug personalities po arrested; ang high value targets po, 2,277. Ito po 'yung mga itinuturing natin na mga big fish, Mr. President.

*[Next slide.]*

Siyempre, may mga kabataan tayo na mga rescued. In 2020, 678 children involved in illegal drug activities rescued during anti-drug operations; 411 naman po as of August 31, 2021.

Isang halimbawa ng ating pagre-rescue ng mga kabataan ay itong project na Sagip Batang Solvent. Ito po 'yung ginagawa natin para ma-rescue 'yung mga nabibiktima na mga street children na sniffers ng solvent po. Mayroon po tayong ginawa na mga facilities para ma-reform at ma-rehabilitate itong mga rescued street children po natin sa pamamagitan ng education, talent, and skills development, dual training, counseling, values formation, livelihood and entrepreneurship, kabilang na po diyan ang...

And iyong ginagawa nating Sagip Batang Solvent, mayroon din tayong naging memorandum of understanding kasama po 'yung Quezon City Government --- local government unit na pirmado ito noong March 2019 pa. At ire-replicate po natin ito sa iba't ibang mga siyudad at municipalities all over the country, kabilang ang pagbigay ng home life skills, education through Alternative Learning System, medical health and dental services. Mga 108 reached out na po ang natulungan natin diyan. Iyong pinakabata ay 9 years old hanggang 17 years old ang mga solvent users dati na na-reform na po natin sa pamamagitan ng intervention program na ito.

*[Next slide.]*

Kahit mayroon tayong kinakaharap na pandemya, Mr. President, ay patuloy pa rin iyong mga operations na ginagawa ng PDEA. Napakalaking bahagi po ng tagumpay ng PDEA ay mula sa mga social media platforms tulad ng PDEA's "Isumbong mo kay Wilkins!" Malaking bahagi po kasi dito iyong pagti-text ng ating mga kababayan at paggamit ng social media para ma-alert ang PDEA sa mga illegal drug activities na nangyayari sa kanila pong mga barangay.

Mayroon po tayong mga naging successful operations nationwide dahil po sa pakikipagtulungan sa atin ng ating mga kababayan gamit iyong FB page or Facebook page ng PDEA. Na-launch po natin ito --- ng PDEA noong June of 2020 sa kasagsagan po ng COVID. Hindi po tumitigil ang laban ng PDEA kontra droga.

*[Next slide.]*

At dito po kahit na nasa pandemya po tayo, makita 'yung accomplishment ng PDEA sa pag-seize ng mga illegal drugs. Noong 2020, kilogram --- kilogram ng shabu po ang na-seize natin, 2,196 kilograms po noong 2020; 42,794 pieces of ecstasy seized through PDEA operations; at marijuana dried leaves seized ay 1,388 kilograms worth. Noong 2021, as of August 31, 826 kilograms ng shabu; 43,687 pieces ng ecstasy pills; at 3,308 kilograms ng dried marijuana leaves ang na-seize po ng PDEA, as of August 31.

*[Next slide.]*

At siyempre, patuloy 'yung pag-dismantle po natin ng mga drug dens at mga clandestine laboratories. As of August 31, 196 dismantled clandestine laboratories and drug dens, 195 po diyan ay drug dens.

Noong 2020 naman ay 188 drug dens dismantled. Dalawang clandestine laboratories dismantled noong year 2020. Hindi pa po tapos ang 2021. Inaasahan natin na may mga operations pang gagawin ang PDEA tungkol po dito.

And finally, Mr. President, 'yung sa reformation program po natin, mayroon po tayong bagong 87 --- Balay Silangan. Ito po 'yung Balay Silangan Reformation Program natin. Intervention natin ito para sa mga small time drug offenders na hindi naman po users or drug dependents. So reformatory in nature tayo dito. Alternative intervention ito para sa mga drug users. Ito po'y para sa mga small-time drug personalities na voluntarily nag-surrender or nag-plea bargain or completely served their sentence. Bina-background investigation muna natin sila bago natin tanggapin.

Mayroon po tayong ginagawa na continuing education; health awareness; psychological, spiritual, physical activities; counseling; moral recovery; values formation; personal and life skills livelihood; and skills training programs para ma-reform po sila.

We formally adopted this, Mr. President, noong January of 2018. Ito po 'yung ating humanitarian alternative para sa mga against small-time drug offenders na hindi drug users at hindi drug dependents. So nabibigyan natin ng pagkakataon na ma-reform sila without deprivation of liberty.

Patuloy ang pagserbisyo publiko po ng PDEA, Mr. President. Mahalaga na mapanatiling ligtas laban sa illegal drugs ang lahat ng mga pamayanan sa buong bansa. Ang pagpapaigting ng anti-illegal drug operations at drug-free Philippines programs kaakibat ang reformation programs natin at ang maayos na pagpapatupad ng batas ay patunay na firm commitment ang administration ninyo sa public safety and security and a drug- free society at patuloy ang pagpigil natin na pumasok ang iligal na droga sa ating bansa.

Hindi pababayaan na mas maraming buhay at pamilya ang masira dahil sa droga. Kung kaya't tamang impormasyon, pakikipag-ugnayan, at pakikipagtulungan ng ating mga kababayan at ng ating mga komunidad laban sa droga ay patuloy nating pinalalakas.

Mayroon pong hinandang video ang PDEA, Mr. President. Panoorin po natin ito.

*[plays video presentation]*

Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Nograles, at the same time now, the acting Spokesman of the government.

Wala na man siguro. Itong si Wilkins, iyong head ng ano ngayon, he earned his spurs sa pagka-ano niya PDEA in Davao at he is a very industrious worker, claiming so many achievements during the time that he was assigned in Davao City. Marunong at a very honest worker of government.

So iyon mga kababayan ko ang nai-present namin sa inyo ngayong araw na 'to, o gabing 'to, o tanghali sa mga trabaho namin. And we would continue to keep you posted of what we are doing, especially in the matter of the spending of money.

So gusto ko na malaman ninyo and if you think that there is something not really --- *[Ano bang tawag nito?]* --- hindi na masyado tama, you can call our attention and we will re-examine and correct the mistake and come up with the explanation.

So ito na lang ang para ngayon at maraming salamat sa pagtangkilik *[Is this the word?]* sa programang ito. Until the next program. Salamat po*. [applause]*

**--- END ---**